ESTADO NG WASHINGTON
TANGGAPAN NG MGA ADMINISTRATIBONG PAGDINIG

| | |
|---|---|
| Patungkol kina:<br><br>Pangalan ng Umaapela,<br><br>Umaapela. | Num. ng Docket Numero ng Kaso<br><br>ABISO SA Uri ng pagdinig (Notice of ...)<br><br>Ahensya: Awtoridad ng Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Authority)<br>Programa: Uri ng Programa<br>Num. ng Ahensya |

Natanggap ng Awtoridad ng Pangangalagang Pangkalusugan (Ahensya) o ng Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings, OAH) ang nakalakip na kahilingan para sa pagdinig noong PETSA.

GAGANAPIN ANG IYONG PAGDINIG SA:

PETSA: Ang petsa ng pagdinig

ORAS: Ang oras ng pagdinig Pacific Time

LOKASYON: Conference Call sa Pamamagitan ng Telepono (tingnan ang mga tagubilin sa ibaba)

HUKOM: Pangalan ng hukom

Kung ikaw o ang isang saksi ay nangangailangan ng INTERPRETER, maglalaan kami nito nang libre. Pakitawagan ang OAH sa (800) 583-8271 para humiling ng interpreter.

Maliban na lang kung iba ang kautusan ng Administratibong Hukom ng Batas (Administrative Law Judge, ALJ), dapat mong isumite ang lahat ng dokumento o exhibit na gusto mong maipakita sa Kinatawan ng Ahensya at sa Administratibong Hukom ng Batas kahit limang araw ng negosyo man lang bago ang pagdinig. **Pakibasa ang nakalakip para sa impormasyon tungkol sa mga uri ng mga exhibit na puwedeng isumite at mga limitasyon sa laki para sa mga exhibit.** Puwede mong hilingin sa Kinatawan ng Ahensya na tulungan kang kopyahin at ibigay ang mga dokumento sa iba pang panig, at sa Administratibong Hukom ng Batas sa OAH. Pampangasiwaang Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) 182-526-0370.

Paano lumahok sa Pagdinig:

1. Sa oras ng Pagdinig, tumawag sa **1-866-527-0393.**

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**



HALIMBAWA

2. Kapag na-prompt, ilagay ang partikular na CODE ng pag-access sa pagdinig pagkatapos ay ang # key.
3. Hindi ikaw ang Organizer ng Pulong kaya HUWAG pindutin ang * key kung hihilinging gawin ito.
4. Ilalagay ka na ngayon sa lobby ng pagdinig habang hinihintay ang Hukom na simulan ang pagdinig (posible kang makarinig ng musika sa PAG-HOLD).
5. Tiyaking ang iyong telepono ay may signal at may charge na aabot nang kahit isang oras man lang.
6. Tiyaking nasa tahimik na lugar ka kung saan malinaw kang makakarinig at mapapakinggan.
7. Kung nagkakaproblema ka sa pagsali sa conference sa pamamagitan ng telepono, o kung hindi sasali ang hukom sa loob ng sampung minuto pagkalipas ng Pagdinigoras ng pagsisimula, tawagan kaagad ang OAH sa (800) 583-8271.
8. Kung madidiskonekta ka, tumawag lang ulit (Hakbang 1) at gamitin ang parehong code (Hakbang 2).
9. Kung nagkakaproblema ka sa pagkonekta ulit sa conference sa pamamagitan ng telepono, tumawag kaagad sa (800) 583-8271 para humingi ng tulong.

Kung hindi ka sasali sa conference sa loob ng 15 minuto pagkalipas ng nakaiskedyul na oras ng pagsisimula, posibleng magpasya ang administratibong hukom ng batas na hindi ka tumutupad sa iyong obligasyon at i-dismiss niya ang iyong apela, na nangangahulugang posibleng mawala ang iyong karapatan sa pagdinig. WAC 182-526-0284.

Mayroon kang karapatan sa pagdinig na isasagawa sa personal kasama ang hukom. Para hilingin ito, tawagan ang OAH sa numerong nakalista sa ibaba.

Tawagan kaagad ang Kinatawan ng Ahensya sa lalong madaling panahon kung kailangan mong baguhin ang oras o petsa ng iyong pagdinig. Ang Administratibong Hukom ng Batas ang tutukoy kung mayroon kang katanggap-tanggap na dahilan para baguhin ang oras o petsa.

Magagawa mong katawanin ang iyong sarili sa pagdinig o pumili ng abogado o sinumang iba pang tao na kakatawan sa iyo. Responsibilidad mo ang anumang bayaring isisingil ng iyong abogado.

Sabihin KAAGAD sa OAH kung magbabago ang iyong address o numero ng telepono. Kung kailangan, posible kaming magpadala sa iyo ng mga abiso at iba pang liham tungkol sa pagdinig.

Kung mayroon kang kapansanan o problema sa sensory at kailangan mo ng tulong kapag ginagamit ang aming mga pasilidad o serbisyo, makipag-ugnayan sa OAH.

Pakibasa ang nakalakip na Buod ng Mga Karapatan sa Pagdinig para malaman ang iyong mga karapatan, ang dadalhin, at ang proseso ng mga pagdinig. Ang mga baril at iba pang mapanganib na sandata ay ipinagbabawal sa mga pagdinig na isinasagawa sa personal at sa lahat ng opisina ng OAH. WAC 10-20-010. Kung mayroon kang alalahanin sa kaligtasan tungkol sa pagdinig o bago ang pagdinig, makipag-ugnayan sa OAH.

HALIMBAWA

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**

INIHAIN sa petsa ng pagpapadala.

Nakalakip: Kahilingan para sa Pagdinig
Buod ng Mga Karapatan sa Pagdinig

| PAANO MAKIPAG-UGNAYAN SA OAH: | PAANO MAKIPAG-UGNAYAN KINATAWAN NG AHENSYA: |
| --- | --- |
| Office of Administrative Hearings<br>PO Box 42489 Olympia, WA 98504<br>Telepono: (800) 583-8271 | Pangalan ng Kinatawan ng Ahensya<br>Address ng Kinatawan ng Ahensya |

HALIMBAWA

Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.

DEKLARASYON NG SERBISYO (DECLARATION OF SERVICE)

Idinedeklara ko sa ilalim ng parusa ng perjury sa ilalim ng mga batas ng Estado ng Washington na ngayong araw na ito, ibinigay ko ang dokumentong ito sa bawat isa sa mga panig na nakalista sa ibaba. Nagpadala ako ng kopya sa mga panig sa kanilang mga nakatalang address gamit ang Consolidated Mail Services o U.S. Mail.

Listahan ng lahat ng pinadalhan ng Abiso ng Pagdinig na ito.

Pinetsahan noong Ang petsa kung kailan ipinadala ang Abiso sa Pagdinig sa Lungsod, Washington.
(PETSA NG PAGPAPADALA)

______________________________________
Kinatawan
Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig

HALIMBAWA

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**